September 13, 2021

Sa mga Magulang

Lungsod ng Komaki
City Mayor Yamashita Shizuo
Komaki City Board of Education
Education Superintendent Nakagawa Noboyushi

# 中学校１・２年生のコロナワクチン接種について（通知）（タ）

## (Notice) Tungkol sa Pagpapabakuna (Vaccination) ng 1st & 2nd Year Junior High School ng Corona Vaccine

Kami ay lubos na nagpapasalamat sa inyong kooperasyon sa aktibidad pang edukasyon ng paaralan.
Nais naming ipaalam sa inyo na upang maging maayos ang reservation ng pagpapabakuna sa lungsod ay nagsimula na ang reservation na mula sa may pinaka matandang edad. (Komaki city method)
At simula sa September 14 (Tuesday) mula 9:00 ng umaga ang mga Mag-aaral ng 1st & 2nd Year Junior High School (mga ipinanganak simula April 2, 2007 ~ April 1, 2008) ay maaari nang magpa reserve. Sa oras ng reservation ay kakailanganin ang vaccination ticket (vaccination number) kung kaya`t ihanda na ito ng maaga.

〇**Simula ng Reservation slots sa September 14 (Tue)**：October 4 (Mon) ~ October 10 (Sun)【**1st shot**】
※Kung mayroong available na slot ay maaaring magpa reserve ng mas maaga kaysa sa araw na nakasulat sa itaas.
※Sa mga susunod na linggo ay magbubukas ng reservation slots.
〇**Paraan ng pagbabakuna**：Individual vaccination（Mga medical facilities）
Group vaccination（Koumin kan、Toubu shimin center、General hospital、City hall）
**※Ang brand ng vaccine na nasa itaas ay Pfizer**
**※Pinapakiusap na samahan ng Magulang sa oras ng pagpapabakuna.**

Pinapakiusap na isa-alang alang ang side effect ng bakuna sa 1st & 2nd shot sa oras ng pagpapa reserve (Pfizer: Pagkatapos ng 3 linggo, Moderna: Pagkatapos ng 4 na linggo) dahil sa panahong ito ay mayroong schedule ng test ang paaralan at school activities tulad ng nakasulat sa ibaba.
Nais din naming ipaalam na hindi counted as absent ang mga hindi makakapasok sa paaralan dahil magpapabakuna o mayroong lumabas na side effect dahil sa bakuna.

NOTES

**■Kitasato Junior High School（1st & 2nd Year）2nd Semester School activity plans**

| | |
|---|---|
| 〇**Midterm test** | October 7 (Thursday)、8 (Friday) |
| 〇**Periodical test** | November 25 (Thursday)、26 (Friday) |
| 〇**Field day** | October 26 (Tuesday) |
| 〇**芸術鑑賞会** | November 2 (Tuesday) |

※May posibilidad ng pagbabago sa mga schedule na nasa itaas depende sa kalagayan ng infection.

**新型コロナウイルス感染症のワクチン接種について**
**Tungkol sa bakuna ng COVID-19**

Napag alaman na mabisa ang pagpapabakuna upang maiwasan na mahawa sa virus at hindi maging malala ang sakit. Mayroon ding mga cases na nagiging problema ang DELTA virus dahil ito ay mabilis makahawa, nagiging malala ang sakit kahit na mga bata at nagkakaroon din ng mga komplikasyon pagkatapos magkasakit. Epektibo ang bakuna upang ma-agapan ang paglaganap ng virus gayundin sa DELTA virus. Bagama`t mayroong mga pag-aalala sa mga side effect, ay napag alaman na sa paraan ng pagpapabakuna ay nagkakaroon ng immunity at kahit na magkasakit ay ma-aagapan din na hindi ito lumala at maiiwasan ang paglaganap ng sakit.
At upang matiwasay na maisagawa ang mga aktibidad ngayong 2nd Semester at mapawi ang mga alalahanin ay pinakikiusap na pag-isipan ang pagpapabakuna.

Mga opinyon ng kabataan tungkol sa merit at de-merit ng pagpapabakuna

（Homepage ng Ministry of Health）

（Maaaring tawagan　COVID-19 vaccine promotion office　TEL 39-6596）